# iSangLahi 8 – iExam Yunit 1

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Pangalan:** | | **Iskor:** | |
| **Pangkat at Baitang:** | | **Guro:** | |

**I. PAGPIPILI.** Basahing mabuti at piliin ang letra ng tamang sagot na tinutukoy sa bawat pangungusap.

1. Tumutukoy sa ganap, partikular, at detalyadong impormasyon sa kinaroroonan ng isang lugar na maaari ding matukoy sa pamamagitan ng mga imahinasyong linya ng latitude at longitude.
   a. Lokasyong Absolut
   b. Lokasyong Ganap
   c. Relatibong Lokasyon
   d. Partikular na Lokasyon

2. Ito ang pitong rehiyon o kontinente ng daigdig:
   a. Australia, Europa, Asya, Russia, Antartica, Hilagang Amerika, Timog Amerika
   b. Argentina, Europa, Asya, Africa, Antartica, hilagang Amerika, Timog Amerika
   c. Australia, Europa, Asya, Africa, Antartica, Hilagang Amerika, Timog Amerika
   d. Australia, Europa, Asya, Africa, Antartica, Hilagang Amerika, Silangang Amerika

3. Pag-aaral at pagtatala ng pisikal na katangian ng isang partikular na lugar.
   a. Lokasyon
   b. Topograpiya
   c. Heograpiya
   d. Rehiyon

4. Ito ang grupo ng mga isla na napapaligiran ng tubig.
   a. Kabundukan
   b. Tangos
   c. Peninsula
   d. Arkipelago

5. Uri ng anyong lupa na may tuyong lupainkung saan madalang ang pag-ulan.
   a. Kapatagan
   b. Ismus
   c. Disyerto
   d. Talampas

6. Makitid na guhit ng lupa na nag-uugnay sa dalawang malaking bahagi ng lupain at naghihiwalay naman sa dalawang anyong tubig.
   a. Tangos
   b. Arkipelago
   c. Peninsula
   d. Ismus

7. Ito ang pinakamalaking uri ng anyong tubig na sumasakop ng halos 70 porsyento ng ibabaw ng mundo.
   a. Karagatan
   b. Golpo
   c. Look
   d. Ilog

8. Naitalang pinaka-malaking pamilya ng wika sa buong mundo.
   a. Afro-Asiatic
   b. Indo-European
   c. Austronesian
   d. Niger-Congo

9. Relihiyon na kinikilala si Yahweh bilang katas-taasang panginoon na may lumikha ng lahat ng bagay sa daigdig.

a. Kristiyanismo
b. Zoroastrianismo
c. Islam
d. Judaismo

10. Lahat ng sumususnod ay patungkol sa Sikhismo, maliban sa isa:
    a. Nagnanais na magkaroon ng kapatiran kung saan ang mga relihiyon ay iniisang tabi upang maiwasan ang di pagkakaunawan at magturingan bilang magkakapatid.
    b. Ang mga aral nito ay mula sa banal na kasulatan ng Guru Grant Sahib at ipinalaganap namn ni Guru Nanak.
    c. May paniniwalang hindi maaaring magkatawang-tao ang diyos kaya naman ang mga Guru ay may mahahalagang gampanin sa pag papalaganap ng mga aral nito.
    d. Ito ay batay sa mga aral na pinalaganap ni Siddharta Gautama na nagmula sa isang maharlikang pamilya na hindi nakaranas ng hirap o pagdurusa ngunit napagtantong hindi pa din ganap ang kanyang kaligayahan.

11. Alin sa mga sumusonod ang di kabilang sa EightFold Path.
    a. Wastong pagiisip
    b. Wastong intension
    c. Wastong pananaw
    d. Wastong trabaho

12. Ang relihiyong ito ay naniniwala na ang tunay na kahulugan ng buhay ay pagkakaroon ng wastong pananampalataya, wastong kaalaman, at wastong kaasalan.
    a. Jainismo
    b. Buddhism
    c. Sikhismo
    d. Hinduismo

13. Tumutukoy sa biolohikal na pinagmulan ng tao, sa madaling salita, ang lahi ay nakaayon sa kung anong dugo ang nananalaytay sa iyong pagkatao.
    a. Konsepto ng lahi
    b. Konspeto ng buhay
    c. Konsepto ng etnisidad
    d. Konsepto ng reyalidad

14. Uri ng pamamahala na Theocracy kung saan ang mga pari ang namumuno sa lipunan.
    a. Sumer
    b. Babylonia
    c. Akkad
    d. Assyria

15. Kauna-unahang imperyo sa buong daigdig na pinamumunuan ni Haring Sargon I na sumakop din sa Sumer.
    a. Sumer
    b. Babylonia
    c. Akkad
    d. Assyria

16. Pinamumunuan ito ni Hammuribi, ipinatutupad rito ang Code of Hammuribi na binubuo ng 300 na mga batas at may katagang “mata sa mata, ngipin sa ngipin.”
    a. Sumer
    b. Babylonia
    c. Akkad
    d. Assyria

17. Kilala sa tawag na ‘Scourge of Gods’ na pinamunuan ni Ashurbanipal.
    a. Sumer
    b. Babylonia
    c. Akkad
    d. Assyria

18. Kinikilala bilang kauna-unahang grupo na nagtatag sa kabihasnang Indus na pinamumunuan naman ng mga hari.

a. Dravidians
b. Arabs
c. Aryans
d. Jews

19. Tawag sa aklat ng mga tinipong akda na naglalaman ng mga sawikain, mga sagradong ritwal, at pati na rin ang himnong pandigma.
    a. Vedas
    b. Kshatriya
    c. Brahmin
    d. Outcaste/Untouchables

20. Nagsimula ito noong 1700 BCE sa lambak ng Huang Ho.
    a. Dinastiyang Hsia
    b. Dinastiyang Chou
    c. Dinastiyang Shang
    d. Dinastiyang Han

21. Isa sa sumusunod ang totoo tungkol sa Dinastiyang Chou.
    a. Ito ay tumagal ng halos 900 taon mula 1122 hanggang 256 BC sa ilalim ng pamumuno ni Wu Wang.
    b. Ito ay pinamunuan ng haring pari na nagtayo ng kapital na lungsod ng Anyang. Inilalarawan ang kultura ng dinastiyang ito bilang sumasamba sa mga ninuno.
    c. Pinaniniwalaang pinaka-unang dinastiya sa Tsina na pinamunuan ni Emperor Yu.
    d. Inilalarawan ang kultura ng dinastiyang ito bilang sumasamba sa mga ninuno.

22. Siya ang sumulat ng librong na nagpapaliwanagpatungkol sa landas na dapat tahakin ng bawat tao tungo sa kabutihan.
    a. Confucius
    b. Lao Tzu
    c. Mencius
    d. Mo Tzu

23. Ayon sa kanya, ang tao ang may pinaka-mahalagang gampanin lalo na sa mga tungkulin sa pamahalaan upang mapaunlad ang kabuhayan at maging ang kaisipan.
    a. Mo Tzu
    b. Mancius
    c. Lao Tzu
    d. Confucius

24. Sa panahong ito nagsimulang napalawak ang teritoryong nasasakupan ng Tsina dahil sa pagkakaroon ng isang pamahalaang sentral, kaya naman dito hinango ang pangalan ng bansa.
    a. Dinastiyang Han
    b. Dinastiyang Chou
    c. Dinastiyang Chin
    d. Dinastiyang Shang

25. Ang dinastiyang ito ay nagtagal ng halos 300 taon na itinuring din na panahon ng kasaganahan at malawakang kultural na pag-unlad.
    a. Dinastiyang Sui
    b. Dinastiyang Yuan
    c. Dinastiyang Sung
    d. Dinastiyang Tang

# iSangLahi 8 – Answer Keys sa Yunit 1

## I. PAGPILI

1. A
2. C
3. B
4. D
5. C
6. D
7. A
8. B
9. D
10. D
11. D
12. B
13. A
14. C
15. C
16. B
17. D
18. A
19. A
20. C
21. A
22. B
23. C
24. C
25. D